




Republic of the Philippines
Department of Education
 REGIONAL OFFICE IX- ZAMBOANGA PENINSULA



Office of the Regional Director

Advisory No. 047, s. 2024

February 19, 2024

In compliance with DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013
 this advisory is issued not for endorsement per DO 28, s. 2001,
 but only for the information of DepEd officials,
 personnel/staff, as well as the concerned public.
 (visit www.deped.gov.ph)

**Salindunong 2024: Ika-16 Pambansang Kumperensiya sa Filipino,
 Panitikan, at Pananaliksik**

Bilang tugon sa sulat mula kay AIREN C. SAJULGA, Direktor, Salindunong 2024 patungkol sa **Salindunong 2024: Ika-16 Pambansang Kumperensiya sa Filipino, Panitikan, at Pananaliksik** na idaraos ngayong Abril 24-26, 2024 sa MSU-IIT, lungsod ng Iligan, inaanyayahan ang sinomang interesadong mga guro at mananaliksik sa paglahok sa naturang kumperensiya. Ito ay may temang “Mekus Mekus Mo na ‘Yan: Ang Pagtitimpla ng Karanasang Pagtuturo-Pagkatuto sa Wika, Panitikan, at Pananaliksik sa Panahong Digital.” Layunin nito na matalakay ang puwang ng Filipino at Panitikan sa panahong digital at ang halaga, mga isyu, kagawian at estratehiya ng pananaliksik sa wika at panitikang Filipino.

Pinapayuhan ang mga lalahok na maghanda ng tatlong libong piso (P3,000.00) para sa rehistrasyon, seminar kit, mga sertipiko, tatlong pananghalian at limang isnak.

Para sa mga karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan kay:

ALMA M. BETON

Education Program Supervisor
 Curriculum and Learning Management Division
 DepEd Regional Office IX
alma.beton001@deped.gov.ph

CLMD/EBP/amb/RA
 007/February 19, 2024



region9@deped.gov.ph

(062) 945-3329 | 09482076710 | 09152475207

www.depedro9.info | www.ro9-deped.com

www.facebook.com/DEPEDREGION9

Pres. Corazon C. Aquino Regional Government Center, Balintawak, Pagadian City, 7016




Pebrero 2, 2024

DR. RUTH L. FUENTES, CESO V

Regional Director III

Department of Education-Region IX, Zamboanga Peninsula
Pagadian City



Mahal na Dr. Fuentes:

Ang Departamento ng Filipino at ibang mga Wika ng Mindanao State University-Iligan Institute of Technology ay mag-oorganisa ng **Salindunong 2024: Ika-16 Pambansang Kumperensiya sa Filipino, Panitikan, at Pananaliksik** na idaraos sa Abril 24-26, 2024 dito sa MSU-IIT, Lungsod Iligan. Tema po ng kumperensiya ay *Mekus Mekus Mo na 'Yan: Ang Pagtitimpla ng Karanasang Pagtuturo-Pagkatuto sa Wika, Panitikan, at Pananaliksik sa Panahong Digital*. Layunin ng kumperensiyang ito na matalakay ang puwang ng Filipino at Panitikan sa panahong digital at ang halaga, mga isyu, kagawian at estratehiya ng pananaliksik sa wika, at panitikang Filipino.

Ang kumperensiya ay para sa mga guro sa iba't ibang antas, mag-aaral na gradwado at di-gradwado, at mga mananaliksik. Magpapataw ng butaw na nagkakahalaga ng tatlong libong piso (P3,000.00) para sa rehistrasyon, seminar kit, mga sertipiko, tatlong pananghalian at limang isnak.

Kaugnay po nito, **humihiling po kami ng DepEd Advisory mula sa Rehiyon IX** na maaari naming ipamahagi sa iba't ibang publiko at pribadong paaralan.

Maraming salamat sa patuloy ninyong pagsuporta sa aming mga gawain.

Lubos na sumasainyo,


AIREN C. SAJULGA, MA

Direktor, Salindunong 2024

airen.sajulga@g.msuiit.edu.ph

09957703484